# Paraan ng Pag-file ng Creditor's Claim sa Nagsarang Masantol Rural Bank, Inc.

PDIC
PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION
*Bank deposit mo, protektado!*




## SINO ANG MGA CREDITOR NG NAGSARANG BANGKO?

Creditor ang tawag sa tao o organisasyon kung saan may pagkakautang ang nagsarang bangko. Kabilang dito ang mga depositor na ang deposito ay higit sa ₱500,000 (uninsured depositor). Ang kanilang claim ay babayaran gamit ang natitirang assets ng nagsarang bangko. Dapat na mag-file ng claim ang lahat ng creditor sa PDIC bilang Receiver ng nagsarang bangko.



**Deadline: Hanggang February 27, 2022***

*60 days matapos ang publication ng Notice to Creditors noong December 29, 2021

Ang mga claim na ipa-file ng mga creditor pagkatapos ng deadline na **February 27, 2022**, ay ide-deny ng PDIC. Samantala, hindi na kailangang mag-file ng claim ang isang uninsured depositor na nakapag-file na ng deposit insurance claim sa PDIC, bilang Deposit Insurer, kung ang claim ay nai-file niya bago ang deadline o mismong **February 27, 2022.**

## PAANO MAG-FILE NG CREDITOR'S CLAIM?

Ipadala ang nasagutan at nilagdaang Claim Form na maaaring ma-download nang libre sa PDIC website, www.pdic.gov.ph.




1. **Postal Mail o Courier Service sa:**

   **Public Assistance Department**
   Philippine Deposit Insurance Corporation
   3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
   corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

   Kinakailangang may postmark na hindi lalagpas sa **February 27, 2022** ang pinadalang claim




2. **Online sa e-mail address na**
   **masantol-pad@pdic.gov.ph**



3. **Personal ("by appointment") sa:**

   **PDIC Public Assistance Center (PAC)**
   3rd Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue
   corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

   **Mag-request ng appointment sa:**

   - **(02) 8841-4141**
     (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa Metro Manila)
   - **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC**
     (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa labas ng Metro Manila)
   - **masantol-pad@pdic.gov.ph**
   - **www.facebook.com/OfficialPDIC**

## MGA PAALALA:

1. Magpapadala ng sulat ang PDIC sa mga creditor na "DENIED" ang mga claim.
2. Mag-file ng claim sa liquidation court: **(A)** sa loob ng 60 araw mula ng pagkatanggap ng FINAL NOTICE ng denial ng claim, o **(B)** sa loob ng 20 araw mula sa publication ng Order na nagse-set ng initial hearing para sa Petition for Assistance in the Liquidation ng bangko, alinman ang mas mahuling mangyari sa dalawa **(A at B)**.
3. Para sa mga karagdagang tanong, makipag-ugnayan sa Public Assistance Department sa mga nabanggit na contact information.